


# GABAY PARA SA MGA EMPLEYADO

# TALAAN NG NILALAMAN


- Kabanata 1 – Pagbati at Introduksyon
  - Pagbati mula kina Kelly at Dave
  - Pangkalahatang-ideya ng UTC
  - Mga pagpapahalaga ng UTC
  - Ang ating tradisyon
  - Istruktura ng Collins Aerospace
  - Profile ng Collins Aerospace
  - Checklist para sa pagsisimula
- Kabanata 2 – Unang Araw
  - Kultura at mga aasahan sa integrasyon sa Unang Araw
  - Pangkalahatang-ideya ng mga pagbabago sa Unang Araw
  - Badge ng mga empleyado
  - Kapaligiran, Kalusugan, at Kaligtasan (Environment, Health and Safety o EH&S): Mga Batayang Panuntunan, mga inaasahan
  - Digital na Teknolohiya: Ano ang magbabago at ano ang hindi

KABANATA ISA

# PAGBATI AT INTRODUKSYON



- Pagbati mula kina Kelly at Dave
- Pangkalahatang-ideya ng UTC
- Mga pagpapahalaga ng UTC
- Ang ating tradisyon
- Istruktura ng Collins Aerospace
- Profile ng Collins Aerospace
- Checklist para sa pagsisimula

# PAGBATI MULA KINA KELLY AT DAVE

Team,

Welcome sa Collins Aerospace! Gumagawa tayo ng isang bago at kamangha-manghang kumpanyang magiging makabago, magiging handa para sa paglago, at higit sa lahat, magiging isang mahalagang katuwang para sa ating mga customer. Magiging isa itong organisasyong walang kaparis sa industriya – at nasasabik kami tungkol sa mga natatanging ambag na maibibigay ng bawat miyembro ng ating team.

Bilang isang empleyado, mahalaga ka para sa ating tagumpay, kaya naman lubos kaming nakatuon para gawing isang napakagandang lugar ang Collins Aerospace para sa patatrabaho. Kaya naman idinisenyo namin ang gabay na ito para bigyan ka ng impormasyon para tulungan kang kapain ang mga una nating araw bilang isang bagong kumpanya. Isa lang ito sa marami pang komunikasyong matatanggap mo sa kabuuan ng prosesong ito ng integrasyon habang binubuo natin nang magkasama ang Collins Aerospace.

Naniniwala kaming ang bawat araw ay isang pagkakataon para makagawa ng mabuti sa ating negosyo at sa buong mundo. Simula sa araw na ito, may natatangi na tayong kakayahan dahil sa ating abot, mahuhusay na solusyon, at mga ugnayan sa industriya para makagawa nang higit pa para sa ating mga customer – at para sa bawat isa – habang binabago natin ang industriya ng aerospace.

Kelly Ortberg
CEO, Collins Aerospace

Dave Gitlin
President at COO,
Collins Aerospace



# PANGKALAHATANG-IDEYA NG UTC

Ang United Technologies ay ang nangungunang provider ng mga high-technology na system at serbisyo para sa mga industriya ng aerospace at paggawa sa buong mundo.

Lumilikha tayo ng mga bago at mas mahusay na paraan para mapanatiling ligtas, kumportable, produktibo, at aktibo ang mga tao. Sa pamamagitan ng pagsasama ng agham at precision engineering, ginagawa natin ang mahuhusay at sustainable na solusyong kailangan ng mundo.

At para gawin ang mga bagay na ito, nagha-hire tayo ng pinakamatatalino at pinakapursigidong tao sa buong mundo. Natutuwa kaming narito ka at bahagi ka ng aming team!

United Technologies



## Collins Aerospace

Pinagsasama-sama ng Collins Aerospace ang magkakatugmang kakayahan ng Rockwell Collins at UTC Aerospace Systems. Nangunguna ito sa buong mundo pagdating sa pagdidisenyo, paggawa, at pagbibigay ng mahuhusay na solusyon para sa mga customer sa industriya ng aerospace at depensa sa buong daigdig




## Pratt & Whitney

Nangunguna ito pagdating sa pagdidisenyo, paggawa, at paghahatid ng mga makina ng mga sasakyang panghimpapawid at mga auxiliary na power unit



## Otis

Ang nangungunang tagagawa at tagapag-maintain ng mga elevator, escalator, at moving walkway sa buong mundo – 2 bilyong tao sa mga siyudad ang naseserbisyuhan nito araw-araw



## UTC Climate, Controls & Security

Isa itong pandaigdigang provider ng mga teknolohiyang pang-istruktura – mayroon itong mga sistema at serbisyo para sa kaligtasan mula sa sunog, seguridad, pag-automate ng istruktura, heating, bentilasyon, air conditioning, at refrigeration

Bisitahin ang UTC.com para sa istruktura ng organisasyon



COLLINS AEROSPACE PROPRIETARY INFORMATION

# MGA PAGPAPAHALAGA NG UTC

Importante ang ating ginagawa, at mahalaga kung paano tayo kumikilos.

Sa United Technologies, pinagbubuklod tayo ng mga pangunahin nating pagpapahalaga. Dahil sa mga pagpapahalagang ito, kumikilos tayo nang may integridad at tinatrato natin ang bawat empleyado, customer, at supplier nang may tiwala at paggalang. Ang pagkilos nang may integridad ay nangangahulugan ding pagsunod sa lahat ng batas, panuntunan, at regulasyon. Tumatayong pundasyon ng ating kultura ang ating mga pagpapahalaga:

TIWALA – Inaangkin namin ang aming gawa. Pinararangalan natin ang ating salita.

INTEGRIDAD – Ginagawa namin ang tamang desisyon, na hindi palaging madaling desisyon.

KAHUSAYAN – Hindi kami mapapanatili nang sapat lamang.

MAKABAGONG PAMAMARAAN – Patuloy naming hinahangad na bumuo, mapabuti, at matatag na lumago.

PAGGALANG – Naniniwala kami na ang pagsasama ng iba't ibang pananaw ay nagbibigay inspirasyon sa amin upang mapalawak pa ang aming nakikita.

Pakibisita ang unitedbyvalues.utc.com para mabasa ang sinabi ni Greg Hayes, Chairman at CEO ng UTC, tungkol sa pagtuon natin sa ating mga pagpapahalaga.

# ANO ANG TUNGKOL SA AMING HERITAGE?

Sinasabi nito sa amin kung sino kami at kung ano ang aming nagawa... at itinuturo kami nito sa aming kinabukasan. Nagsimula man ang aming heritage sa mga pangarap ng isang batang lalaking nagngangalang Arthur Collins sa Iowa, kung saan gumawa siya ng sarili niyang istasyon ng radyo at sumahimpapawid sa iba't ibang dako ng mundo ... O ito man ay nagsimula sa isang mapangaraping binata na nag-drop out sa high school upang magdisenyo at magpalipad ng mga eroplanong pandagat, narating na namin iyon. At nakagawa na kami ng bakas sa kasaysayan.




- Binigyang-buhay namin ang Diwa ni Lindbergh. (At pinaandar na rin ito.)
- At nanatili kaming nakikipag-ugnayan kay Rear Admiral Byrd noong naglakbay siya patungong South Pole.
- Nag-imbento kami ng mga bagong autotuning na radyo para hindi marinig ng mga kalaban ang mga pakikipag-ugnayan ng mga piloto ng Allied.
- Nang nagsimulang magpalipad ng commercial ang Comet, nagsimula na kaming maging handa – at dahil dito ay naitatag ang isang industriya.
- Nakuha namin ito sa ground floor ng mga intelligence satelite na nakakatulong sa mga bansa na malaman at makita ang mga panganib.





- Kami ang unang lumikha ng teknolohiyang GPS na siyang naghahatid kung saan mo kailangang magtungo.
- At salamat sa aming synthetic na vision system na may head-up display, patuloy na nakikita ng mga piloto ang himpapawid habang lumilipad sila sa mga ulap.



**At sino sa tingin mo ang nagbigay ng suit sa mga unang astronaut ng U.S. para sa Space Race? (Kami na ang naging stylist nila sa simula pa lang.)**

**Noong lumapag si Armstrong, ang aming kagamitan pang komunikasyon ay naglahad ng kanyang mensahe na ang "one small step"ay isa talagang "one giant leap."**

Pauna lamang iyan na kung ano ang aming narating.
Nagpapatuloy pa rin kami sa paglipad gamit ang mga system sa halos lahat ng malaking platform sa himpapawid at higit pa.

## ANO ANG MAYROON SA ISANG HERITAGE?

Isa itong kapuri-puring nakaraan ... isang mayamang pundasyon ng pinagmulan ... napakamakabuluhan at maipagmamalaki ito. At ngayon na ang panahon natin. Ngayon na ang araw natin. Ito na ang pagkakataon natin para magtaguyod, magtulungan para mas mataas pa ang maabot, at magpatuloy sa paglipad para mas malayo pa ang marating nang magkakasama.

## AT ANG HINAHARAP?

Simula ngayon, ipinagsasama namin ang lakas ng nagkakaisang heritage para maging isang kumpanya – ang Collins Aerospace. Sama-sama naming gagawing makabago ang aerospace.


COLLINS AEROSPACE PROPRIETARY INFORMATION

# ISTRUKTURA NG COLLINS AEROSPACE

**CEO**



Kelly Ortberg
Palm Beach County, FL

**President & COO**



Dave Gitlin
Palm Beach County, FL

**Aerostructures**



Marc Duvall
Chula Vista, CA

**Avionics**



Kent Statler
Cedar Rapids, IA

**Aftermarket Services**



Ajay Agrawal
Charlotte, NC

**Customer & Account Management**



Henry Brooks
Palm Beach County, FL

**Digital Technology**



Brian Galovich
Charlotte, NC

**Interiors**



Dave Nieuwsma
Winston-Salem, NC

**Mechanical Systems**



Samir Mehta
Charlotte, NC

**Engineering & Technology**



Mauro Atalla
Charlotte, NC

**Finance**



Patrick Allen
Palm Beach County, FL

**Human Resources**



Doug Balsbough
Palm Beach County, FL

**Mission Systems**



Phil Jasper
Cedar Rapids, IA

**Power & Controls**



Tim White
Windsor Locks, CT

**Office of the General Counsel**



Christoph Feddersen
Palm Beach County, FL

**Operations & Quality**



Paolo Dal Cin
Charlotte, NC

**Strategy, Development & Communications**



Jeff Standerski
Palm Beach County, FL

# ISTRUKTURA NG COLLINS AEROSPACE


Narito ang isang snapshot ng ating anim na Strategic Business Unit (SBU) kabilang ang mga uri ng produkto.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Aerostructures | Nacelle Systems | Flight-control Surfaces | Tailcones | Acoustic Materials, Coatings and Structures | Naval Composites |
| Avionics | Commercial Avionics | Military Avionics | Information Management Services | Rosemount Sensors | Kidde Fire Protection |
| Interiors | Seating | Interior Systems | Evacuation/Lighting Seating/Veneers | Goodrich De-icing | Potable Water Systems |
| Mechanical Systems | Landing Systems | Actuation | Propellers and Flight Controls | Hoist and Winch | Cargo |
| Mission Systems | Military Communication, Navigation and Electronic Warfare | Simulation/Training | Mission Products and Strategic Systems | Intelligence, Surveillance, Reconnaissance and Space | Simmonds Fuel Systems and AIS Missile Systems |
| Power & Controls | Electric Systems | Engine Controls | Engine Accessories | Fuel Systems | Air Management |


1.7

# PROFILE NG COLLINS AEROSPACE


## Lahat ng ibinebenta





KITA AYON
SA URI




KITA AYON
SA SEGMENT




KITA AYON
SA HEOGRAPIYA




Pro Forma Collins Aerospace (2017E)
Kabuuang benta = ~$23 Bilyon

# CHECKLIST PARA SA PAGSISIMULA



1. Regular na tingnan ang bagong site ng integrasyon na tinatawag na iHUB para sa mga pinakabago at pinakamahalagang impormasyon.

2. Bisitahin ang Brand Center sa iHUB para matutunan kung paano ia-update ang iyong email signature mula sa mga heritage name.

3. Abangan ang mga update mula sa iyong Strategic Business Unit (SBU) o sa mga namumuno sa iyong trabaho sa mga susunod na linggo at buwan habang patuloy nating binubuo nang magkakasama ang bago nating team.

KABANATA DALAWA

# UNANG ARAW



- Kultura at mga aasahan sa integrasyon sa Unang Araw
- Pangkalahatang-ideya ng mga pagbabago sa Unang Araw
- Badge ng mga empleyado
- Kapaligiran, Kalusugan, at Kaligtasan (Environment, Health and Safety o EH&S): Mga Batayang Pamantayan at mga inaasahan
- Digital na Teknolohiya: Ano ang magbabago at ano ang hindi

# KULTURA AT MGA AASAHAN SA INTEGRASYON SA UNANG ARAW

## KULTURA

Hindi lang basta trabaho ang pagtatrabaho sa Collins Aerospace. Pag-aambag ito sa isang bagay – bagay na mas malaki kaysa sa ating lahat – na magpapasulong sa mundo. Pagsali ito sa isang team ng mga taong kayang mag-innovate, lumikha, at kumilos. Pagkakaroon ito ng pakiramdam na ikaw ay pinapahalagahan at epektibo sa isang kaaya-ayang lugar. Sa madaling salita, tayo ang ating kultura. At talagang mahalaga ito sa tagumpay natin bilang kumpanya, kaya nakatuon tayo sa tamang pagsasabuhay rito.

Ang Unang Araw ay tungkol sa pagrespeto sa luma at paggawa ng bagong kultura – nang magkakasama. Gumawa kami ng mga aasahan sa integrasyon para gabayan ang mga una nating pakikipag-ugnayan sa isa't isa batay sa iyong mga palagay kung ano ang pinakamahalaga. May mga pagpapahalaga rin tayo sa UTC, na tumatayong pundasyon para sa mas malawak na kultura sa buong pamilya ng UTC.

## MGA AASAHAN SA INTEGRASYON SA UNANG ARAW: ANG 3 M NG COLLINS

Sinabi mo na sa amin kung ano ang mahalaga para sa iyo, kaya naman ibubuod natin sa 3 ideya ang iyong mga palagay para gabayan tayo sa mga unang araw na ito. Narito ang 3 M para sa pagsisimula:

MGA CUSTOMER: Manatiling nakatuon sa customer

MAGTULUNGAN: Tulungan ang isa't isa

MAGBAGO: Maging bukas sa mga bagong ideya

# PANGKALAHATANG-IDEYA NG MGA PAGBABAGO SA UNANG ARAW

## BAKIT **MAGBABAGO** ANG ILANG BAGAY SA UNANG ARAW:

- May bago tayong istrukturang pang-organisasyon.
- Gusto nating simulan ang Collins Aerospace bilang isang team.
- Bilang isang kumpanya ng UTC, sumusunod tayo sa mga patakaran ng UTC.
- Kailangan nating sumunod sa mga pamantayan sa accounting sa buong Collins Aerospace.

## BAKIT **HINDI** MAGBABAGO ANG ILANG BAGAY SA UNANG ARAW:

- Hindi maaaring magbago at hindi babaguhin ang mga pangako natin sa customer.
- May mga katulad at epektibo nang prosesong nakalatag na hindi naman kailangang baguhin agad: maaaring iangkop ang mga ito sa susunod.
- Gusto nating matiyak ang tuluy-tuloy na negosyo sa buong Collins Aerospace.


COLLINS AEROSPACE PROPRIETARY INFORMATION

# PANGKALAHATANG-IDEYA NG MGA PAGBABAGO SA UNANG ARAW

SA PAGSISIMULA NG ATING PAGLALAKBAY BILANG COLLINS AEROSPACE, NARITO ANG ISANG BUOD NG MGA PAGBABAGONG MAPAPANSIN MO SA UNANG ARAW AT ANG MGA BAGAY NA HINDI AGAD MAGBABAGO

## MGA MAGBABAGO SA UNANG ARAW

### MGA EMPLEYADO

- Bagong pangalan at brand ng kumpanya
- Bagong istruktura ng kumpanya
- Mga bagong email address
- Pagsisimula ng phase-in ng bagong badge ng mga empleyado
- Mga Batayang Panuntunan para sa Kapaligiran, Kalusugan, at Kaligtasan (Environment, Health and Safety o EH&S)
- Bagong intranet site para sa integrasyon na tinatawag na iHUB

### MGA CUSTOMER

- Magsisimulang mapansin ang bagong hitsura at dating (branding) ng mga pang-marketing at pangkomunikasyong materyal para sa mga customer

### PAGPAPATULOY NG NEGOSYO

- Mga patakaran sa pagtatalaga ng awtoridad at pag-apruba

## MGA HINDI MAGBABAGO SA UNANG ARAW

### MGA EMPLEYADO

- Payroll at mga benepisyo
- Kung paano ka nakikipag-ugnayan sa HR team
- Mga kasunduan hinggil sa working visa ng mga dayuhan
- Mga kasalukuyang system ng IT Pananamit
- Mga patakaran sa cell phone
- Pagtugma sa mga pangkawanggawang donasyon
- Pag-reimburse ng matrikula
- Mga patakaran para sa pagkuha ng mga bagong empleyado, mga pagbabago/promosyon sa trabaho, mga programang pang-intern/co-op, atbp.

### MGA CUSTOMER

- Mga portal ng customer (mga link, login, access, ibinibigay na impormasyon)
- Mga contact sa sales at teknikal na suporta
- Mga numero ng telepono ng 24/7 na Customer Support Center ng Heritage UTAS at Heritage RC at ang mga produktong sinusuportahan ng mga ito
- Mga legal na entity, mga nakasulat sa kontrata, mga tuntunin at kondisyon
- Mga invoice at impormasyon sa pagbabayad
- Mga nakabinbing proposal ng customer
- Hindi magbabago ang mga kasalukuyang tuntunin at kondisyon

### PAGPAPATULOY NG NEGOSYO

- Mga legal na entity
- Pagbili, pagpapadala, at pagtanggap
- Mga Commercial and Government Entity (CAGE) code
- Mga setup o certification ng supplier
- Mga sertipiko para sa airworthiness
- Sistema sa Pamamahala ng Kalidad (Quality Management System o QMS)


COLLINS AEROSPACE PROPRIETARY INFORMATION

# BADGE NG MGA EMPLEYADO


## IPAPAKITA SA MGA BAGONG BADGE ANG BAGONG PANGALAN AT BRAND NG KUMPANYA

*Mahalaga ang ginagampanang papel ng ating mga badge sa pagprotekta sa mga empleyado at sa mahahalagang asset ng kumpanya.*

## PANGKALAHATANG-IDEYA

- Dapat ay maipamigay na ang lahat ng bagong badge sa mga empleyado sa loob ng 100 araw pagkatapos ng paglulunsad natin ng Collins Aerospace, kaya maaaring hindi mo matanggap ang bago mong badge sa Unang Araw.
- Magkakaroon tayo ng iba't ibang disenyo ng badge para mapadali ang pagtukoy kung sino ang mga empleyado, contractor, at bisita (tingnan ang mga halimbawa sa ibaba).
- Para sa ating kaligtasan at kaligtasan ng ating mga produkto at serbisyo, dapat magsuot ng badge ang bawat indibidwal na nasa loob ng pasilidad ng Collins Aerospace.
- Ang bawat bansa o rehiyon ay magkakaroon ng magkakaibang bar ng kulay sa ibaba ng badge para isaad ang bansa kung nasaan ang pinagtatrabahuhang lokasyon at ang antas ng access. Ang unang linya sa ibaba ang mga badge para sa Estados Unidos.

## MGA HALIMBAWANG BADGE



# KAPALIGIRAN, KALUSUGAN, AT KALIGTASAN (ENVIRONMENT, HEALTH AND SAFETY O EH&S): MGA BATAYANG PANUNTUNAN

NAKAKATULONG ANG ATING MGA BATAYANG PANUNTUNAN NA MAIWASAN ANG MGA SITWASYONG MAAARING MAGDULOT NG PAGKAMATAY O MALUBHANG INJURY

Sa Collins Aerospace, gusto nating lahat na magkaroon ng isang ligtas at malusog na lugar para sa pagtatrabaho, at gusto rin nating magkaroon ng ligtas at kaaya-ayang karanasan ang bawat empleyado, contractor, at bisita na pumapasok sa ating mga pasilidad. Bumuo ang UTC ng isang hanay ng Mga Batayang Panuntunan na isang mahalagang bahagi ng kultura ng ating kumpanya. Alam mo man ito dati pa, o nakikilala mo ang mga konseptong ito sa ibang anyo – o kung bago ang lahat ng ito para sa iyo – pakitiyak na pamilyar na pamilyar ka sa Mga Batayang Panuntunan. Isa kang mahalagang bahagi ng ating kumpanya, at gusto naming manatili kang ligtas – pati na ang lahat ng nasa paligid mo.

Kapaligiran, Kalusugan, at Kaligtasan

## Mga Batayang Panuntunan

Sundin ang lahat ng Batayang Panuntunan ng Collins Aerospace EH&S. **Paraan ito ng pamumuhay.**

Collins Aerospace

### Kulob na Espasyo



Tumukoy ng mga kulob na espasyo at sundin ang mga nakasulat na pamamaraan sa pagpasok sa isang kulob na espasyo.

### Proteksyon Laban sa Pagkahulog



Gumamit ng proteksyon laban sa pagkahulog kapag nagtatrabaho sa mga lugar na may taas na 6 na talampakan / 2 metro pataas.

### Kaligtasang Pang-electrical



Gumamit ng mga Ground Fault Circuit Interrupter - GFCI - sa lahat ng portable na tool at electrical na device kapag posible ang pagkabasa o pagkasira ng equipment.

### Mapanganib na Enerhiya



Bago gumamit ng mga makina o equipment, ihiwalay ang lahat ng anyo ng mapanganib na enerhiya, i-secure ang mga ito gamit ang mga kandado at tag at pagkatapos ay beripikahin ang Zero Energy State.

### Proteksyon sa Makina



Huwag baguhin o alisin ang proteksyon sa makina o equipment.

Dahil sa seryosong katangian ng Mga Batayang Panuntunan ng EH&S, dapat sundin ang mga ito ng lahat ng empleyado, contractor, at bisita ng UTC, anuman ang kanilang posisyon, lokasyon, o titulo sa trabaho.

# KAPALIGIRAN, KALUSUGAN, AT KALIGTASAN (ENVIRONMENT, HEALTH AND SAFETY O EH&S): MGA INAASAHAN

## MGA ALITUNTUNIN PARA MANATILING LIGTAS MULA UNANG ARAW HANGGANG SA MGA SUSUNOD

- Magsisimula ang Mga Batayang Pamantayan ng UTC sa Unang Araw para mapanatiling ligtas ang mga empleyado ng Collins Aerospace. Ang mga ito ay mga pamantayang nauugnay sa mga kulob na espasyo, proteksyon laban sa pagkahulog, kaligtasang pang-elektrikal, mapanganib na enerhiya, at proteksyon sa makina.
- Pagsikapang panatilihing sumusunod at ligtas ang pinagtatrabahuhang lugar para sa lahat.
- Tukuyin ang mga panganib sa pinagtatrabahuhan mong lugar, gamitin ang mga itinalagang kontrol, at iulat ang anumang isyu sa iyong management team.
- Humingi ng agarang tulong medikal para sa sinumang na-injure na empleyado.
- Iulat ang malulubhang injury, mga malawakang pagsingaw o pagtapon, at paglabag sa loob ng 24 na oras pagkatapos ng pangyayari.
- Sundin ang mga minimum na kinakailangan ng UTC sa operasyon sa lahat ng pagkakataon; may isang taon ang mga na-acquire na site para sumunod.
- Pananagutan ng mga namumuno sa negosyo at site ang performance sa EH&S.
- Direktang nag-uulat sa pamunuan ng negosyo at site ang mga kasamahan sa EH&S.
- Ang mga layunin sa EH&S ay mahahalagang sukatan ng performance ng lahat ng unit at site ng negosyo.

## MGA KARAGDAGANG ALITUNTUNIN SA EH&S

- Walang magsisimulang konstruksyon hangga't hindi naipapatupad ang mga pangunahing elemento ng programa sa kaligtasan ng contractor.
- Hindi isasagawa ang gawaing nangangailangan ng permit hangga't walang permit na naaangkop sa operasyon.
- Hangga't hindi ka pa nakakatanggap ng pormal na Pagsasanay sa Batayang Panuntunan, mangyaring *huwag*:
    - Magtrabaho sa mga kulob na espasyo
    - Magtrabaho sa matataas na lugar na nangangailangan ng proteksyon laban sa pagkahulog
    - Gumamit ng mga electrical equipment kapag posibleng ma-expose sa pagkabasa o sira
    - Gumamit ng makina kapag posibleng ma-expose sa mapanganib na enerhiya
    - Gumamit ng mga makina/equipment na walang proteksyon

# DIGITAL NA TEKNOLOHIYA: ANO ANG MAGBABAGO AT ANO ANG HINDI

Nagdadala ng kahusayan sa negosyo ang Digital na Teknolohiya (DT) – at pinapaganda nito ang mga karanasan ng mga empleyado at customer – sa pamamagitan ng pag-uugnay ng ating mga teknolohiya, tao, impormasyon, at proseso sa isa't isa. Bakit hindi na lang natin tawaging IT ang DT? Simple lang! Ang ating pundasyon sa IT (information technology) ay isang mahalagang bahagi ng pinalawak nating plano, pero hindi nito ipinapakita ang buong larawan. Ipinapakita ng DT ang pinalawak nating layunin para magkaroon ng mga konektadong pakikipag-ugnayang pinapagana ng software sa lahat ng platform ng ating mga customer, empleyado, at produkto.

## MGA MAGBABAGO SA UNANG ARAW

- Ang bago mong email address ay magiging pangalan.apelyido@collins.com. Pero huwag mag-alala, gagana pa rin ang kasalukuyan mong email address at ihahatid sa iyong inbox ang mail para sa dalawang address. Kung may kapareho kang pangalan, aabisuhan ka ng DT team.
- Para sa mga heritage na UTC Aerospace System, iHUB ang magiging bago mong default na homepage. Para sa heritage na Rockwell Collins, bubukas bilang pangalawang tab ang iHUB.

## MGA HINDI MAGBABAGO SA UNANG ARAW

- Mga kasalukuyang system para sa heritage na UTC Aerospace Systems at Rockwell Collins
- Access at mga proseso sa “Help desk”
- Mga pamantayan sa device sa iyong lokasyon (mga laptop, mobile device, at workstation na available na gamitin). Iaangkop ang mga pamantayan sa device sa susunod.

# KAMI ANG
# COLLINS





Collins Aerospace

COLLINS AEROSPACE PROPRIETARY INFORMATION